



## PENSYON

### VA NA PENSYON

## ANO ANG PENSYON SA VA?

Ang pensyon ay batay sa pangangailangang benepisyo na binabayaran sa mga Beterano ng panahon ng digmaan, na naabot ang hinihinging edad o mga kinakailangan sa kapansanan kaugnay sa hindi konektado sa serbisyo.

### SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

Magiging karapat-dapat ka kung:

- Umalis ka sa serbisyo sa ilalim ng bukod sa hindi kanais-nais na kundisyon, **AT**
- Nagserbisyo ka ng 90 araw o higit pa sa aktibong tungkulin na hindi bababa sa 1 araw sa tagal ng panahon ng digmaan\*, **AT**
- Ang nabibilang mong sahod ay mababa sa halaga na nakalista sa tsart sa ibaba, **AT**
- Naabot mo ang mga netong halag ng limitasyon, **AT**
- Ikaw ay edad 65 o mas matanda, **O**, mayroon kang permanente at ganap na kapansanan na hindi konetakdo sa serbisyo, **O**, pasyente ka ng nursing home, **O** tumatanggap ka ng mga benepisyo sa kapansanan sa Social Security.

\*Ang mga Beterano na pumasok sa aktibong tungkulin pagkatapos ng Sityembre 7, 1980, ay dapat din na magserbisyo nang hindi bababa sa 24 buwan ng aktibong serbisyo sa tungkulin. Kung ang kabuuang haba ng serbisyo ay mas mababa sa 24 buwan, ang Beterano ay dapat kumpletuhin ang kanilang kabuuang pag-ikot ng aktibong tungkulin.

### PINAKAMATAAS NA RATE SA TAUNANG PENSYON (MAPR) (MAY BISA SIMULA DISYEMBRE 1, 2014)

**Kung ikaw ay...**

**Ang iyong taunang sahod ay dapat mas mababa sa...**

**Beterano na walang sinusustentuhan**

**\$12,868**

Ang mga kapansanan na tinukoy ng VA na magiging kaugay ng iyong serbisyo sa sandatahang lakas ay magdudulot ng walang buwis na bayad, pag-enrol sa

VA health care system, ang 10 puntos na pagpipilian sa pagkuha ng manggagawa para sa pederal na pagtatrabaho at ibang mahahalagang benepisyo. Tanungin ang iyong VA



na kinatawan o kinatawan ng Veterans Service Organization tungkol sa Bayad sa Kapansanan, Pensyon, Pangangalaga sa Kalusugan,

Caregiver



U.S. Department of Veterans Affairs



Program, Mga Serbisyo sa Trabaho, Tulong Pang-edukasyon, Garantiya sa Pautang Sa Bahay, Seguro at/o Mga Umaasa at Benepisyo sa Nakaligtas.

<b>Beterano na may asawa o anak</b>	<b>\$16,851</b>
<b>(Mga Beterano na may karagdagang anak: may karagdagang \$2,129 sa limit na para sa BAWAT ISANG anak)</b>	
<b>Nakaratay na beterano na walang sinusustentuhan</b>	<b>\$15,725</b>
<b>Nakaratay na beterano na may isang sinusustentuhan</b>	<b>\$19,710</b>
<b>Beterano na nangangailangan ng tulong at bantay at walang mga sinusustentuhan</b>	<b>\$21,466</b>
<b>Beterano na nangangailangan ng tulong at bantay at may isang sinusustentuhan</b>	<b>\$25,448</b>

#### **MAGKANO ANG BABAYARAN NG VA?**

Kinukwenta ng VA ang taunang pensyon sa pamamagitan ng pagtukoy muna sa iyong partikular na kalagayan sa Pinakamataas na Rate ng Taunang Pensyon (MAPR), ang halaga na itinakda ng Kongreso. Halimbawa, kung beterano ka na walang tinutustusan, ang MAPR ay \$12,868. Sumunod, tinutukoy ng VA ang iyong nabibilang na sahod. Tinutukoy ng VA ang nabibilang na kita sa pamamagitan ng pagbawas mula sa iyong kabuuang sahod na natanggap sa partikular na 12 buwan na tagal, ang halaga ng mga hindi kabilang na iyon na ibinigay ng batas. Binabawas ng VA ang iyong nabibilang na sahod mula sa MAPR; ang labis ay ang iyong pagiging karapat-dapat sa taunang pensyon. Hinahati ng VA ang halagang ito sa 12 at isinasalin pababa sa pinakamalapit na dolyar, ito ang tinatayang halaga ng iyong buwanang bayad sa pensyon.

Binabawas ng Va ang tinukoy na gastos na binayaran mo, hal. hindi na perang nagastos sa medikal, mula sa iyong taunang sahod ng sambahayan, na magpapababa sa nabibilang mong sahod at magpapataas sa iyong buwanang bayad sa pensyon. Ang kumpletong listahan ng mga hindi kabilang na ito ay ibinigay sa seksyon 3.272 ng titulo 38 ng Kodigo ng Pederal na Regulasyon. Ang mga regulasyon na ito ay makukuha sa [Government Printing Offices website](#).

#### **PAANO KA MAG-A-APPLY?**

Maaari kang mag-apply para sa pensyon sa pamamagitan ng pag-fill out sa [VA Form 21-526, Veteran's Application for Compensation and/or Pension](#), at pagpapadala nito sa panrehiyong tanggapan ng VA na may sakop sa iyong paghahabol. Kung hindi mo alam kung aling opisina sa rehiyon ang may sakop sa iyong paghahabol, maaari kang magsumite ng iyong kahilingan sa tanggapan pangrehiyon na pinakamalapit sa iyong kasalukuyang tinitirhan. Ang direktoryo ng mga

---

panrehiyong tanggapan ay makukuha sa [Directory of VA Regional Offices](#). Maaari ka rin na [ma-apply online](#).

